



Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika

19-21 Agosto 2019

SMX Convention Center, Lungsod Bacolod, Negros Occidental, Filipinas

KAPASIYAHAN NG MGA KALAHOK SA PAMBANSANG KONGRESO SA KATUTUBONG WIKA BLG. 2019-01

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPANUKALANG LUMAHOK SA PAMBANSANG ADYENDA AT PLANO HINGGIL SA PAGPAPASIGLA NG MGA KATUTUBONG WIKA

SAPAGKAT naniniwala kaming mga kalahok sa “Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika” na ang pagtataguyod sa mga wikang katutubo ay pagtataguyod sa isang bansang Filipino;

SAPAGKAT kami ay nagkakaisa sa pagsusulong sa pagyakap sa lingguwistikong dibersidad ng ating bansa at ituring na mahalagang daluyan at salik ng intangible na pamanang kultura (intangible cultural heritage);

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na ang mga guro, mananaliksik, at may-ari ng mga katutubong wika sa bansa na makipagtulungan sa mga ahensiyang pampamahalaan na tuwirang sangkot sa pagbalangkas at pagpapatupad ng mga gawain ukol sa pangangalaga sa mga wika at kultura, gaya ng Komisyon sa Wikang Filipino, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), Pambansang Komisyon para sa mga Katutubong Mamamayan o NCIP, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal o DILG, Kagawaran ng Edukasyon o DepEd, at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon o CHED, sa pagbuo, pagtataguyod, at pagsasakatuparan ng pambansang adyenda at komprehensibong plano na kakatawan sa nagkakaisang adhikain para sa pangangalaga at pagpapasigla ng mga katutubong wika sa Filipinas;

IPINAPASIYA PA na lumahok ang mga guro, mananaliksik, at mga may-ari ng mga katutubong wika sa bansa sa itatatag na network na may multi-disiplinaryong tungkulin at gampanin tungo sa makabuluhang konsultasyon, dokumentasyon ng mga wika, pagsusuri sa mga wika, at pagpapalaganap nito, lalo na sa larang ng edukasyon;

IPINAPASIYA RIN na gamitin ang teknolohiya tungo sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng virtual resources na magiging paraan upang makapag-ambag ang publiko ng kanilang mga idea at resources;

IPINAPASIYA SA WAKAS na kailangang tiyakin na ang lahat ng proseso at pamamaraang isasakatuparan ay may pagsasaalang-alang sa pagtataguyod sa kapakanan (welfare) ng mga mamamayan at komunidad; na ang mga ito ay sang-ayon sa kanilang pangangailangan, paniniwala, at lunggati.

NILAGDAAN ngayong 21 Agosto 2019 sa SMX Convention Center, Lungsod Bacolod, Negros Occidental, Filipinas.